Pahayag para sa Press

Naka-embargo hanggang 0830 Maynila (00:30 UTC) Ika-1 ng Disyembre 2020

# IHS Markit
# Philippines Manufacturing PMI®

## Halos matatag na ang mga sitwasyon sa pagmamanupaktura nitong Nobyembre

### Key findings


Tumaas ang mga antas ng output sa unang pagkakataon simula noong Hunyo, bagama't kaunti lang ang itinaas nito

Naitala rin ang pinakamabagal na pagbaba ng bilang ng trabaho sa siyam na buwang magkakasunod na pagbaba nito

Malaki ang naitalang pagbawas sa mga backlog ng trabaho

Philippines Manufacturing PMI

sa, >50 = pagganda mula noong nakaraang buwan




Source: IHS Markit.

Ang data ng nobyembre 2020 ay nakolekta noong 12-23 nobyembre 2020.

Makikita sa data ng Nobyembre ang kapansin-pansing pagbagal sa pagbaba ng rate ng buong sektor ng pagmamanupaktura sa Pilipinas, dahil malapit nang maging matatag ang mga sitwasyon ng operasyon at tumaas ang mga antas ng output sa unang pagkakataon simula noong Hunyo. Gayunpaman, patuloy na bumababa ang mga volume ng order book, na nagresulta sa higit pang pagbaba ng bilang ng trabaho, pagbili at mga backlog. Sa kabila nito, nanatiling positibo ang pananaw hinggil sa produksyon sa susunod na taon dahil sa mga pag-asa sa mas mataas na demand at paglipas ng sakit na coronavirus 2019 (COVID-19).

Tungkol sa presyo, patuloy ang matinding inflation ng presyo ng input dahil sa iniulat ng mga kumpanya na mas matataas na gastusin sa transportasyon at hilaw na materyales. Bahagyang ipinasalo ang ibang gastusin sa mga customer na may marginal na pagtaas na naitala sa mga presyo ng bilihin.

Tumaas sa 49.9 ang IHS Markit Philippines Manufacturing PMI® sa buwan ng Nobyembre mula sa 48.5 noong Oktubre, na mas mababa lang nang kaunti sa 50.0 na neutral na value na naghihiwalay sa sitwasyon ng paglawak at pagliit. Nagpahiwatig ang huling tala ng pag-usad tungo sa katatagan at ito ang pinakamataas na naitala simula noong Setyembre.

Bahagyang tumaas ang mga volume ng produksyon sa kalagitnaan hanggang sa huling quarter ng 2020, at idinadahilan ng mga kumpanya rito ang muling pagbubukas ng mga negosyo at bumagal na pagbaba ng mga bagong order.

Sa kabila ng patuloy na pagbaba ng mga bagong order, may mga senyales na bumuti ang pangkalahatang sitwasyon sa demand nitong Nobyembre. Nagtala lang ang mga kumpanya ng maliit na pagbaba ng bilang ng mga bagong order, habang bahagyang tumaas ang mga bagong order mula sa mga market sa ibang bansa sa tulong ng mga lumuwag na paghihigpit sa border. Ang pagtaas ng demand mula sa ibang bansa ay taliwas sa average ng serye sa nakaraan na nagsasaad ng katatagan.

Bagama't tumaas ang mga antas ng produksyon ng mga nagmamanupaktura sa Pilipinas, patuloy pa rin ang matinding rate ng pagbaba ng bilang ng trabaho. Batay sa mga narinig, may sapat na kapasidad ang mga kumpanya para matugunan ang mga pumapasok na bagong order, at dahil sa pangangailangang makatipid sa gastos, nagresulta iyon sa higit pang pagbabawas ng mga trabahador. Gayunpaman, ang pinakahuling pagbaba ang pinakamabagal na naitala sa kasalukuyang panahon ng pagbaba at malaki ang nakitang pagbagal nito kumpara noong Oktubre. Mas maraming palatandaan ng hindi nagagamit na kapasidad sa mga planta ang naitala sa pang-apat na pinakamabilis na

*ipinagpatuloy...*

### Komento

Bilang komento sa data ng survey sa Philippines Manufacturing PMI, ipinahayag ni Shreeya Patel, na Ekonomista sa IHS Markit, na:

"Nagpapakita ang sektor ng pagmamanupaktura sa Pilipinas ng mga positibong senyales ng panibagong pagbangon sa buwan ng Nobyembre dahil malapit nang maging matatag ang headline na figure ng PMI. Tumaas ang produksyon sa unang pagkakataon simula noong Hunyo dahil sa kapansin-pansing pagtaas ng demand mula sa ibang bansa kumpara noong Oktubre.

"Nagbibigay ng pag-asa ang mga kumpanya na nagtala ng pinakamabagal na pagbaba sa bilang ng trabaho sa siyam na buwang magkakasunod na pagbaba sa kasalukuyan sa kabila ng matinding pagbawas sa mga backlog ng trabaho.

"Gayunpaman, maaaring hindi maging madali ang daan sa pagbangon. Nakasalalay ang kalagayan ng sektor sa dami ng mga kaso ng COVID-19 at sa epekto ng virus sa pandaigdigang ekonomiya. Bagama't nagbibigay ng pag-asa ang mga pagsulong sa bakuna, hindi pa rin malinaw kung kailan ganap na matatapos ang mga paghihigpit."

© 2020 IHS Markit

PMI® By IHS Markit


pagbaba ng bilang ng mga backlog nitong Nobyembre.

Dahil sa sunod-sunod na pagbaba ng mga bagong order, binawasan ng mga kumpanya ang kanilang mga iniipong imbentaryo sa kalagitnaan hanggang sa pang-apat na quarter. Naubos na ang mga stock ng mga hilaw na materyales at natapos na produkto, at itinuturong dahilan dito ng mga kumpanya ang mga walang katiyakang sitwasyon sa demand at pagkumpleto ng mga bagong order mula sa kasalukuyang stock. Gayunpaman, bahagya lang ang rate ng pagbaba ng mga stock ng mga natapos na produkto dahil naiulat na pinaplano ng ilang kumpanya na mag-ipon ng mga imbentaryo.

Nagpatuloy hanggang Nobyembre ang mga kasalukuyang pagkaantala sa supply chain, na ipinahiwatig ng mas tumatagal na paghahatid ng input sa bawat buwan simula noong Agosto 2018. Madalas na iniuugnay ang mga pagsisikip sa port at pagkaantala dahil sa trapiko sa matinding pagbaba ng performance ng vendor.

Samantala, nabanggit ng mga panellist na nakadaragdag sa pagtaas ng kabuuang mga gastos ang mas matataas na gastusin sa hilaw na materyales at transportasyon. Matindi ang rate ng inflation at ito ang pinakamabilis na naitala simula noong Agosto. Sa kabila ng mga matamlay na sitwasyon sa demand, nagawa ng mga negosyo na ipasa ang bahagi ng mas matataas na gastusin sa mga consumer sa pamamagitan ng bahagyang pagtataas ng mga presyo ng bilihin. May mga kumpanya na nagbaba ng mga presyo para mapataas ang mga benta.

Panghuli, nananatiling positibo sa buwan ng Nobyembre ang pananaw para sa produksyon sa pagmamanupaktura sa loob ng 12 buwan. Dahil sa mga kamakailang pagsulong sa bakuna, nadagdagan ang mga pag-asang lilipas na ang virus sa susunod na taon. Gayunpaman, bahagya lamang na nabago ang pananaw mula noong Oktubre, at hindi pa rin ito gaanong positibo kung pagbabatayan ang data sa nakaraan.




Sources: IHS Markit, CSO.

## Makipag-ugnayan


Shreeya Patel
Economist
IHS Markit
T: +44 134 432 8196
shreeya.patel1@ihsmarkit.com

Katherine Smith
Public Relations
IHS Markit
T: +1-781-301-9311
katherine.smith@ihsmarkit.com


### Pamamaraan

Ang IHS Markit Philippines Manufacturing PMI® ay kinakalap ng IHS Markit mula sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa isang panel ng mahigit 400 manufacturer. Ang panel ay pinagpangkat-pangkat batay sa detalyadong sector at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya , batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey at sinasalamin nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season.

Ang headline figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI). Ang PMI ay isang weighted average ng sumusunod na limang index: Mga Bagong Order (30%), Output (25%), Employment (20%), Delivery Times ng Mga Supplier (15%) at Mga Stock ng Pagbili (10%). Para sa pagkalkula ng PMI, ini-invert ang Index ng Delivery Times ng Mga Supplier nang sa gayon ay gumagalaw ito patungo sa isang katulad na direksyon kumpara sa ibang mga index

Hindi nirerebisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasaayos.

Ang data ng Nobyembre 2020 ay nakolekta noong 12-23 Nobyembre 2020.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa economics@ihsmarkit.com.

### Tungkol sa IHS Markit


Ang IHS Markit (NYSE: INFO) ay isa sa nangunguna sa paghahatid ng mahahalagang impormasyon, analytics, at mga solusyon para sa malalaking industriya at merkado na nagpapatakbo sa ekonomiya sa buong mundo. Naghahatid ang kumpanya ng mga pinakabagong impormasyon, analytics at solusyon sa mga customer sa larangan ng negosyo, pampinansyal at pamahalaan, na nagpapahusay sa kanilang pangangasiwa at nagbibigay ng kapaki-pakinabang na kaalamang nagreresulta sa mga matalino at pinag-isipang pasya. May mahigit 50,000 customer sa mga negosyo at pamahalaan ang IHS Markit, kabilang ang 80 porsyento ng mga kumpanya sa Fortune Global 500 at ang mga nangungunang pampinansyal na institusyon sa buong mundo.

Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito. Ang lahat ng iba pang kumpanya at pangalan ng produkto ay maaaring mga trademark ng mga may-ari ng mga ito © 2020 IHS Markit Ltd. Nakalaan ang lahat ng karapatan.

Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa IHS Markit, mangyaring mag-email sa joanna.vickers@ihsmarkit.com. Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click dito.


### Tungkol sa PMI

Available na ngayon ang Purchasing Managers' Index™ (PMI®) sa higit sa 40 bansa pati na rin sa mga pangunahing rehiyon gaya ng Eurozone. Ang mga survey sa negosyo na ito ay ang mga pinakasinusubaybayan sa mundo, na pinapaboran ng mga bangko sentral, pampinansyal na merkado at ng mga taong gumagawa ng mga pangnegosyong pagpapasya nang dahil sa kakayahan nitong magbigay ng napapanahon, tumpak at madalas ay natatanging mga indicator ng mga paggalaw sa ekonomiya. Upang matuto nang higit pa, pumunta sa https://ihsmarkit.com/products/pmi.html.

### Disclaimer


Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, IHS Markit. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa IHS Markit. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananagot ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magreresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.


© 2020 IHS Markit